ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 8
Abril 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Sa dambana ng mga bayani at martir, panatang isulong at palakasin ang rebolusyon

Inaalala at binibigyang-pugay natin ngayong linggo ang lahat ng bayani at martir sa nagdaang mahigit limang dekada ng walang puknat na pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Ang Linggo ng Paggunita at Pagpaparangal sa Mga Bayani at Martir ng Sambayanang Pilipino (Abril 17-24) ay idineklara ng Pambansang Konseho ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) bilang taunang paggunita.

Sa darating na Abril 24, sa ika-50 anibersaryo ng NDFP, bigyan natin ng pinakamataas na pagpupugay sina Kasamang Benito Tiamzon at Wilma Austria, mga nangunguna at kapita-pitagang lider ng Partido, na dinakip kasama ang walong iba pa, tinortyur at pinaslang ng mga sundalo noong Agosto 21, 2022. Sa pagputok ng liwanag sa araw na ito, isasagawa ng lahat ng yunit ng BHB ang tahimik na 21-*gun salute* bilang pagpaparangal sa kanila at lahat ng bayani ng bayan. Isasagawa rin ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyong masa ang iba't ibang tipo ng pulong at asembleya, lihim at hayag, kung saan maaaring basahin ang mga parangal at pag-alaala sa ating mga bayani.

Ipagkaloob rin natin ang pinakamataas na pagkilala sa tagapangulong tagapagtatag ng Partido na si Ka Jose Maria Sison (Amado Guerrero) na inialay ang halos anim na dekada ng kanyang buhay sa patriyotiko at demokratikong mithiin ng mamamayang Pilipino. Habampanahong mananatili ang kanyang rebolusyonaryong diwa at palagiang magsisilbing inspirasyon sa susunod na salinlahi ng mga rebolusyonaryong Pilipino.

Sa araw na ito, alalahanin din natin at parangalan ang iba pang mga kagawad ng Komite Sentral ng Partido. Walang-kamatayan ang alaala nila Jorge Madlos (Ka Oris), Julius Giron (Ka Nars), Menardo Villanueva (Ka Bok), Antonio Cabanatan (Ka Manlimbasog) at ibang mga rebolusyonaryo at komunista na naglaan ng kanilang buong buhay sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Alalahanin din natin ang lahat ng kadre ng Partido, mga Pulang mandirigma ng BHB, mga rebolusyonaryo, aktibista at karaniwang tao na isinakripisyo ang lahat para sa kapakanan ng bayan. Lahat sila'y nararapat na



makatanggap ng medalya at pagkilala.

Hindi matitinag na mga bantayog ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang mga martir ng sambayanang Pilipino. Ipinamalas nila ang hindi matatawarang kapasyahan na makibaka katuwang ng masang Pilipino laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ibinibigay natin sa kanila ang pinakamataas na paggalang at pagsaludo!

Saluduhan rin natin ang lahat ng masang rebolusyonaryo, mga aktibista ng mga organisasyong masa, mga Pulang mandirigma, organisador at kadre ng Partido na patuloy na nagpupunyagi sa rebolusyonaryong landas sa kabila ng mga kahirapan at sakripisyo laluna sa harap ng umiigting na kampanya ng pasistang terorismo na inuudyukan ng imperyalismong US. Sa gitna ng karimlan ng pasismo, sila ang nagbibigay ng liwanag at gabay para sa paglaban ng sambayanan.

Higit sa pag-alala at pagbibigay-parangal sa ating mga martir at bayani, ideklara natin sa kanilang dambana ang ating buong-pusong kapasyahan na patuloy na tahakin ang landas na kanilang binagtas at isabalikat ang mabibigat na tungkuling kanilang iniwan para sa ibayong pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka para wakasan ang lahat ng anyo ng pang-aapi at pagsasamantala sa bayan.

Lalong sumisidhi ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Marcos. Ipinatutupad nito ang patakaran at programang sagadsaring anti-mamamayan at pabor sa dayuhang mga kapitalista. Para akitin ang mga dayuhang kapitalista, pinapako ang sahod ng mga manggagawa at karaniwang kawani kahit kulang na kulang na ito para tustusan ang pangangailangan ng kanilang mga anak. Kaliwa't kanan na kinakamkam ang lupa, kabundukan, mga ilog at karagatan at ipinagkakait sa mamamayan ang pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.

Garapalan ang pagmamanikluhod ni Marcos sa kanyang among imperyalistang US sa pagpayag sa plano nitong magtayo ng apat o higit pang karagdagang base militar, laluna sa hilagang Luzon, alinsunod sa ginagawang pang-uupat ng US ng digma sa pamamagitan ng pagsulsol sa paghihiwalay ng Taiwan sa China. Hinahayaan ni Marcos ang US na gamitin at idamay ang Pilipinas sa isang gerang tiyak na sasalanta sa kalayaan at buhay ng mga Pilipino.

Ang sakripisyo ng ating mga bayani ay nagbunga sa anyo ng rebolusyonaryong kapangyarihang nakamit at naitatag sa buong bansa. Ang kapangyarihang ito ay nagmumula sa mamamayan. Malalim at malapad na itong nakaugat at patuloy pang lumalapad. Hindi kailanman ito magagapi maging sa harap ng walang-patid na mga kampanyang militar ng panunupil ng kaaway. Ang kapangyarihang ito ang kinabukasan ng mamamayang Pilipino.

Ipinakikita ng anti-mamamayan at anti-demokratikong paghahari ng rehimeng Marcos, at ang sumisidhing krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ang nagpapatuloy na pangangailangan isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang demokrasya. Malayo na ang isinulong sa nakaraan. Kahit malayo pa at masalimuot ang landas na tatahakin, kailangan itong bagtasin para magkaroon ng pagkakataong makatamasa ng bagong buhay ang mga Pilipino.

Nananawagan ang Partido sa sambayanang Pilipino na ipagpatuloy ang matapang na pakikibaka laban sa paghahari ng lagim ng kaaway, at lumaban para kamtin ang hustisya para sa lahat ng mga biktima ng pasistang terorismo.

Dapat patuloy na palakasin ang organisadong hanay ng mamamayan at isulong ang militanteng mga pakikibaka para isulong ang mga makabayan at demokratikong kahingian ng sambayanan. Pagkaisahin ang sambayanang Pilipino para ihiwalay at labanan ang rehimeng US-Marcos.

Determinado ang buong Partido, mula sa Komite Sentral hanggang sa mga sangay nito, pati na ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan, at lahat ng rebolusyonaryong organisasyon masa, na magpalakas at pahigpitin ang ugnayan sa malawak na masa ng sambayanan upang pamunuan ang kanilang mga paglaban, at magsikhay sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. AB


ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 8 | Abril 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Sa dambana ng mga bayani at martir, panatang isulong at palakasin ang rebolusyon 1
Parangal kina Ka Benito at Wilma Austria 3
Pagbansag na terorista, kinundena 3
Paghahanda ng kabataan sa pagrerebolusyon 4
Mga opensiba ng BHB sa 4 na prubinsya 5
"Modernisasyon" ng AFP na nakatuon sa imperyalistang panunulsol ng gera 6
Pakikibaka para sa lupa sa Tarlac at Negros 7
EDCA at "modernisasyon" ng AFP 7
War games ng US, perwisyo sa mga Pilipino 8
Mga protesta 8
Sa madaling salita 9
Lumalaking bilang ng trabahong impormal 10



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @angbayan1969

## Pinakamataas na parangal para kina Kasamang Benito Tiamzon at Wilma Austria

Bilang pinakamataas na pagsaludo sa mga pinuno ng Partido na sila Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon, ipinag-utos ng Pambansang Kumand sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan at Komite Sentral na magpormasyon at tahimik na isagawa ang 21-gun salute sa pagputok ng araw sa Abril 24, sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines.

Babasahin at tatalakayin ng lahat sa gagawing mga pagtitipon-parangal ang pahayag ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral na nagbibigay pugay kina Kasamang Benito Tiamzon at Wilma Austria-Tiamzon (Kasamang Laan at Kasamang Bagong Tao) na inilabas bilang espesyal na isyu ng Ang Bayan noong Abril 20.

Inianunsyo ng Kawanihan sa Pulitika ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Abril 20 ang brutal na pagpaslang ng Armed Forces of the Philippines, sa suporta ng militar ng US, kina Kasmamang Benito at Wilma Tiamzon. Sa mahabang panahon, si Ka Benito ay nagsilbing pangulo ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral, habang si Ka Wilma ang pangkalahatang kalihim ng Partido.

Ang mag-asawa, kasama ang walong iba pa, ay karumal-dumal at buong karuwagang pinaslang ng mga mersenaryong tropa sa ilalim ng Joint Task Force Storm at Task Force Trident noong Agosto 21, 2022. Nadakip sila sa Samar habang bumibyahe sakay ng dalawang *van* sa pagitan ng alas-12 ng tanghali at ala-1 ng hapon.

Sila ay brutal na pinahirapan bago pinaslang. Sa kasunod na araw, isinakay ang mga walang buhay nilang katawan sa isang *motorboat* at pinahila sa gitna ng dagat sa pagitan ng Catbalogan City at Tarangnan island. Doon ay pinasabog ang bangka para palabasing nagkaroon ng engkwentro sa dagat at pagtakpan ang karumal-dumal na krimen. AB

## Pagbansag na terorista sa konsultant ng NDF, kinundena

Kinundena ng National Democratic Front of the Philippines ang pagbansag na terorista sa isa sa mga konsultant nito sa usapang pangkapayapaan. Ito ay matapos iparada ng mga pulis si Eric Casilao sa harap ng midya at publiko para pahiyain at kutyain. Nadakip si Casilao habang tumatawid mula sa Malaysia tungong Thailand noong Abril 1. Idineport siya sa Pilipinas noong Abril 17.

Hindi dapat tinatawag na "terorista" si Casilao, ayon kay Juliet de Lima, interim na pinuno ng *negotiating panel* ng NDFP. Karapatan niyang ipagpalagay na inosente hanggang mapatunayang maysala sa lahat ng mga alegasyon laban sa kanya. Karapatan niyang magkaroon ng abugado at dinggin ang kanyang mga kaso sa mga korte. Bahagi si Casilao sa Reciprocal Working Committee on the Comprehensive Agreement on Socio Economic Reforms para sa Southern Mindanao.

Samantala, nagpapatuloy ang pasistang paninibasib sa kanayunan.

Sa Negros Occidental, binaril ng 62nd IB ang magsasakang si Jose Albores Jr sa Sityo Upper Tiyos, Barangay Quinten Remo, Moises Padilla, Negros Occidental noong Abril 18. Nagsilbi siyang testigo sa panggigipit ng militar sa kanyang kapitbahay kaya siya pinatay.

Sa Misamis Oriental, brutal na pinatay ng 58th IB ang magsasakang si Ricardo Hilogon sa Sityo Tapol, Barangay Banglay, Lagonglong noong Abril 3. Si Hilogon ay dating kasapi ng BHB at matagal nang tumigil sa pagkilos.

**Pag-aresto at panggigipit.** Iligal na inaresto ng 62nd IB ang mag-asawang sina Jerry Montefalcon, 49, at Maricel Alper sa kanilang bahay sa Sityo Natuling, Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental nong Abril 15.

Sa Palawan, anim na residente ng Brooke's Point na kalahok sa barikadang bayan kontra sa pagmimina ng Ipilan Mining Corporation ang iligal na inaresto ng mga pulis noong Abril 14.

Iligal na pinasok ang tahanan ng magsasakang si Aileen G. Estiller ng mga pwersa ng estado noong Abril 6 sa Sityo Kaloko, Barangay Sta. Barbara, Bulusan. Ninakaw ang kanyang mga alagang hayop at kagamitan.

**Atake sa komunidad.** Di bababa sa anim na komunidad sa mga bayan ng Isabela at Binalbagan, Negros Occidental ang hinahalihaw ng mga pwersa ng 94th IB at 62nd IB mula Abril 10 hanggang sa kasalukuyan. Dahil sa dagsa ng mga sundalo at perwisyo ng mga tsekpoynt, napilitan ang mga upisyal ng Barangay Payao, Binalbagan, na isuspinde ang klase noong Abril 12. Inistraping din ng mg sundalo ang bahay ng pamilyang But-ay sa Sityo Pallacon sa naturang barangay noong Abril 11.

Nagaganap ang parehong panghahalihaw ng militar sa Moises Padilla at Himamaylan City sa Negros Occidental at Guihulngan City sa Negros Oriental hanggang ngayon.

Sa Agusan del Sur, pinaulanan ng bala ng mga pang-atakeng helikopter ng AFP ang Sityo San Miguel, Barangay Pinagalaan, Bayugan City noong Abril 16. Pinalalabas ng mga sundalo na nagkaroon ng engkwentro sa pagitan nila at ng BHB. AB

# Sangandaan: Paghahanda ng kabataan sa buong-panahong pagrerebolusyon

Nananalatay sa dugo ng mga kabataang tagalunsod ang diwang rebolusyonaryo ni Andres Bonifacio. Hindi malayo sa Tondo, kung saan ipinanganak si Bonifacio, nakahimpil ang upisina ng mga rebolusyonaryong kabataang isinasabuhay ang mga katagang, "Buhay man ay ialay."

Araw-araw, buong-panahong nagpupukaw, nag-oorganisa, at nagpapakilos ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan sa loob ng mga pamantasan para hikayatin ang tulad nilang mga kabataan na tumungo sa mga pagawaan, maralitang komunidad at mga sakahan upang makita ang tunay na kalagayan ng sambayanan. Hinihikayat nilang lumahok ang mga kabataan sa rebolusyonaryong pakikibaka, sumuporta sa armadong pakikibaka at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Hindi biro ang magpasyang pultaym dahil kaakibat nito ang malaking sakripisyo mula sa kinagisnang pamumuhay at paglalaan ng buong panahon sa masalimuot na landas ng pakikibaka.

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga balangay ng KM upang linangin ang mas maraming buong-panahong rebolusyonaryo. Sa nakalipas na panahon, nakita mula sa karanasan ang halaga ng lahatang-panig na konsolidasyon para matulungan buuin ng isang kasapi ang kanyang kapasyahan na magpultaym sa lunsod man o sa kanayunan. Bahagi nito ang sustenidong programa sa edukasyon, buhay na programa sa pagsanib sa batayang masa, pagbubuo ng mas mahigpit na ugnayan sa mga larangang gerilya, at pagsasagawa ng mga pagsasanay para ihanda ang kabataan sa mahirap na landas ng armadong pakikibaka.

Sa kabila ng pagtigil sa pag-aaral sa mga pamantasan noong pandemya, hindi natigil ang pag-aaral ng kabataang pultaym tungkol sa lipunan. Susi ang pagpapatapos sa mga pangunahin at espesyal na mga kursong masa tungkol sa lipunan at rebolusyong Pilipino, mga sulatin ni Jose Maria Sison, at mga talakayan sa Marxismo, Leninismo, at Maoismo para buuin at pagtibayin ang rebolusyonaryong kapasyahan ng mga kasapi. Ginagamit ang mga lihim na sirkulo ng pag-aaral para tipunin ang mga kasapi ng KM sa loob ng mga pamantasan at isalang sa mga kolektibong talakayan ang mga pag-aaral. Ang mga teoryang natutunan mula sa mga talakayan ang nagiging armas ng isang kasapi at buong kolektiba upang mas mainam na maunawaan ang mga kontradiksyon ng lipunan at kahit ng mga indibidwal.



Liban sa teoretikal na mga talakayan, mahalagang sangkap ng programa ng mga balangay ng KM ang pagsasalin nito sa praktika ng paglahok sa pakikibaka ngmamamayan.

Mahigpit na kinakatuwang ng Partido ang mga balangay ng KM para paramihin ang bilang ng masang kabataan na tumutungo at nakikipamuhay sa batayang masa. Sa regular na pagpunta ng mga kabataan sa mga komunidad, nakikita nila ang kanilang papel sa lipunan–ang pagiging mga propagandista't organisador sa hanay ng batayang masa.

Nagagamit ng mga kabataan, partikular na ang mga estudyante, ang kasanayan bilang mga intelektwal para maipaliwanag sa karaniwang mga tao ang dinaranas nilang pagsasamantala, at ang landas ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Pinapaghusay ng mga balangay ng KM kung paano muling makakaagapay sa pagpapalakas ng kilusang paggawa at sa pagbubuo ng mga pulang brigada ng manggagawa sa loob ng mga pagawaan at mga karatig na komunidad. Sa nakaraan, maraming kabataan ang nagpasyang magpultaym matapos tuwirang makasalamuha ang masang-anakpawis. Anang isang kasaping pultaym, "Iba kapag lubog ka sa masa at nararanasan mo ang masaklap nilang reyalidad."

Isa ring malakas na ikinakampanya ng mga balangay ng KM ang pagtungo sa kanayunan at pagsapi sa BHB. Binuo nito ang mga programa na ibayong naglalapit sa mga kasapi ng KM at Partido sa hanay ng kabataan sa mga larangang gerilya sa kanayunan. Binunga nito ang materyal na suporta sa hukbo, pagpapadala ng mga pwersa sa mga larangan, at pagtutulungan sa mga pampulitikang kampanya ng mga probinsya at rehiyon. Kaakibat rin nito ang pagbubuo ng programa para pisikal na ihanda ang kabataan sa pagbabaybay sa masusukal na kabundukan. Itinutulak ang pag-eehersisyo, pagkain ng tama, at pagsasagawa ng mga espesyal na pag-

*Sundan sa pahina 5*

# Mga armadong aksyon, inilunsad ng BHB sa 4 na prubinsya

Inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa apat prubinsya ang magkakasunod na taktikal na opensiba bilang bahagi ng pagpupunyaging biguin ang mga operasyong militar ng teroristang rehimeng US-Marcos.

Sa Masbate, nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ang isang ripleng armalayt mula sa mga aset ng militar sa Sityo Pondol sa hangganan ng mga barangay ng San Carlos at Matagbac sa Milagros noong Abril 14. Ang mga aset ay imbwelto sa agresibong pang-aatake sa mga mamamayan ng ikalawang distrito ng prubinsya. Napatay ang isa sa mga aset habang nasugatan ang dalawang iba pa.

Ayon sa ulat ng mga Pulang mandirigma, habang kinukumpiska ang armas ng mga aset ay nanlaban ang mga ito at ginamit pang panangga ang mga kasama nilang sibilyan. Dulot nito, mabilis na kumilos ang mga mandirigma para tulungan ang mga sibilyan, laluna ang isang bata para tanggalin sila sa peligrosong sitwasyon.

Sa Negros Oriental, nakumpiska ng BHB ang tatlong mahihinang klase ng armas kay Jorge Javier, aset paniktik ng 62nd IB, sa isang operasyong partisano noong Abril 16 sa Sityo Guibawan, Barangay Bucalan, Canlaon City, Negros Oriental. Napatay din sa naturang opersyon si Javier.



Sa Camarines Sur, isang sundalo ang napatay sa isinagawang operasyong isnayp ng BHB laban sa detatsment ng 81st IB na nakahimpil sa Barangay Tible, Lupi, Camarines Sur. Isinagawa ang operasyon sa layong 200 metro noong Marso 30 sa ganap na alas-dyes trenta ng umaga.

Sa Camarines Norte, pinaputukan ng BHB ang detatsment ng 9th IB sa Sityo Cupido, Barangay Malaya, Labo noong Abril 1. Isang sundalo ang napatay sa naturang operasyon. AB

---

*Mula sa pahina 4*

sasanay-militar sa hanay ng kasapi. Hindi katulad ng sapilitang ROTC ng estado, ang pagsasanay sa ilalim ng hukbo ay higit na mas makabuluhan at nakaeengganyo dahil ito ay prinsipyado at naglilingkod sa interes ng masa. Mahigpit itong niyayakap at nilalahukan ng kabataan.

Dumadaan sa maraming kontradiksyon ang kabataan sa proseso ng pagbubuo ng mulat na desisyong magpultaym. Nariyan ang kontradiksyon sa sarili, sa pag-aaral, sa pinansya, at higit sa lahat, sa pamilya. Marami ang nangangamba na magpultaym dahil sa konsiderasyon sa pamilya. Hindi maiaalis na maraming mga magulang, laluna sa simula, ay hindi sang-ayon sa desisyon ng kanilang mga anak na maging aktibista o rebolusyonaryo. Sinasamantala ito ng estado sa pagsasagawa ng anti-komunistang propaganda na tumatarget sa kanila. Pero, dinadaig ito ng walang-pagod na pagpapaliwanag, kung saan mas madalas kaysa hindi, na nakukuha ng kabataan ang suporta ng kanilang magulang sa pasya nilang bagtasin ang landas ng rebolusyon.

Ang iba namang kabataan, sa murang edad, ay pasan-pasan na ang responsibilidad na magtrabaho para sa kanilang mga pamilya. Ang iba ay sinisikap makatapos ng pag-aaral para makakuha ng mas magandang trabaho, habang ang iba ay hindi na kinakayang maghintay, at pinipili nang iwan ang pag-aaral para sa kakarampot na sahod.

Pero gaano man kahirap, pinipili pa rin nila na suungin ang mga kontradiksyong ito dahil malinaw sa kanila na ang tanging pag-asa at makapagbabago ng lipunan ay nasa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa pagsapol ng tuluy-tuloy na konsolidasyon at ang masusing pagharap ng kolektiba sa mga kontradiksyon ng isang kasapi, hindi nagiging imposible sa kanya na magpasyang magpultaym. Inilalapat ang mga teoryang natutunan, katulad ng diyalektikong materyalismo para himayin ang bawat kontradiksyon at makarating sa mga resolusyon. Ito rin ang susi upang pandayin ng bawat kasapi ang sarili at talikuran ang indibidwalismo na likas sa kabataang petiburges na bagahe sa tuluy-tuloy na pagsisilbi sa masa. Pinapagtibay ng teorya't praktika ang katwirang magpanibagong-hubog upang maiwaksi ang ganitong mga tendensiya, at sumulong sa bawat gawain.



Sa patuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, tiyak na mas marami pang kabataan ang mag-aambag ng talino, talento at lakas para sa bayan. Ang inspirasyong hinalaw nila kay Bonifacio at lahat ng bayani ng sambayanang Pilipino ay magpapatatag ng kanilang loob na walang-maliw na iukol ang buong buhay para sa pagsulong ng rebolusyon. AB

# “Modernisasyon” ng AFP na nakatuon sa imperyalistang panunulsol ng gera

Nakaasa sa dayuhan at walang sariling paninidigan ang Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa panahon ng digma, wala itong kakayahan na ipagtanggol ang kalayaan at kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Mahigpit na nakatali ang kasalukuyang oryentasyon, operasyon at maging mga armas nito sa estratehiya at interes ng US sa Asia.

Mula’t sapul, inaarmasan ng US ang AFP ng pinaglumaan at kinumpuning kagamitan na idinidispatsa ng hukbong Amerikano. Idinadaan ito sa mga programang daluyan ng armas at pondo tulad ng Excess Defense Article (EDA) at Foreign Military Financing (FMF). Dumadaloy din ang pondo at armas sa pamamagitan ng Overseas Contigency Operations (dating “war against terror”) na nagmantina ng permanenteng base sa Mindanao (noon ang Joint Special Operations Task Force-Philippines, at mula 2017, ang Operation Pacific Eagle-Philippines).

Sa nakaraang dekada, pinalakas ng US ang pag-aarmas sa AFP alinsunod sa “pivot” o pagpihit nito sa Asia. Ayon sa isang isinapublikong ulat ng ahensya sa depensa ng US noong 2020, umabot sa $11 milyon (₱550 milyon) ang halaga ng lumang armas, gamit, at iba pa ang itinambak nito sa Pilipinas sa pagitan ng 2011-2019. Bahagi ito sa halos $442 milyong (₱22.1 bilyon) halaga ng mga “article” o gamit na inawtorisa ng ahensya sa depensa ng US na ilagak sa Pilipinas sa parehong panahon.


Kabilang sa mga ito ang dalawang C-130, mga trak at ibang sasakyang militar, masinggan, maliliit na sasakyang pandagat, damit, tangke, gamit dental/medikal, *water purifier* at samutsaring kasangkapan. Sa panahon ding ito dinispatsa ng US ang di na ginagamit na barkong pandigma para ipanlayag ng Pilipinas sa South China Sea.

Naganap ang pagtatambak ng mga armas sa likod ng pagpopostura ng noo’y presidente na si Rodrigo Duterte ng “pakikipaghiwalay” sa US. Noong 2019-2021, inawtorisa ng US ang pagluluwas ng gamit-militar sa Pilipinas na nagkakahalaga ng halos $171.3 milyon (₱8.565 bilyon.) Noong 2019 lamang, bago “isinuspinde” ni Duterte ang Visiting Forces Agreement, naglaan ang US ng mga gamit-militar na nagkakahalaga ng $24 milyon (₱1.2 bilyon) sa ilalim ng EDA. Kabilang sa mga ito ang maiiksi at mahahabang baril, sasakyan, misayl, *rocket*, torpedo, bomba at pasabog (*mines*), makina at samutsaring kagamitan.

Ipinagmamalaki ng embahada ng US sa Pilipinas na nakapagbigay ang US ng $1.14 bilyon (₱57 bilyon) na ayudang militar sa Pilipinas mula 2015 hanggang 2022. Mahigit 41% (₱23.9 bilyon) nito ay nasa anyo ng FMF. Kabilang sa malalaking gamit na ibinenta ng US sa AFP ang dalawang eroplanong paniktik na Cessna, mga *drone* na ScanEagle, armas pang-isnayp at kontra-bomba at mga baril, bala at bomba. Ginamit ang mga ito sa gera kontra-insurhensya ng AFP laban sa mamamayan sa kanayunan.

Noong 2018, bumwelo ang “modernisasyon” ng AFP matapos maglaan ang reaksyunaryong estado ng $5.6 bilyon (₱300 bilyon) para sa sunod na limang taon. Ginamit ng mga heneral ng AFP ang pondo para dagdag pang bumili ng mga gawang-US na armas at gamit. Inilarga rin nila ang pagbili ng kunwa’y “mas mura” na gamit militar mula sa mga subsidyaryo o kasosyo ng US na mga kumpanyang militar sa South Korea (eroplanong FA-50,) Israel (Hermes UAV, Atmos 2000) Poland (helikopter na Black Hawk) at iba pa. Ang malalaking aytem na ito ay may kaakibat na mga kontrata ng pagkukumpuni at pyesa na kasinlaki o mas malaki ang halaga sa kontrata ng pagbili. Ginawang dagdag na palabigasan ng mga heneral ang mga kontratang ito.

Sa kahuli-hulihan, lahat ng binili at tinanggap na armas ng Pilipinas ay pawang may basbas ng US. Initsapwera ng AFP ang “ibinigay” ng China na ilang baril dahil “mahina” diumano ang klase nito. Umatras ang mga upisyal ng depensa na bumili ng mga helikopter sa Russia sa pagdadahilang hindi “akma” ang mga ito sa kasalukuyang sistema at operasyon ng AFP. Sa aktwal, walang galaw ang AFP na hindi ikinukumpas o binibigyan-direksyon ng US. AB



## Pakikibaka para sa lupa sa Tarlac at Negros

Daan-daang residente sa Negros at Tarlac ang nakikibaka para sa kanilang mga karapatan sa lupa at kagalingan. Sa Tarlac, nagprotesta sa harap ng munisipyo ng Capas ang mga myembro ng Nagkakaisang Mamamayan ng Santa Lucia para sa Lupa, Kabuhayan, at Paninirahan laban noong Abril 13. Nilalabanan nila ang pangangamkam ng lupa na isinasagawa ng Armed Forces of the Philippines at pagsira sa kanilang mga sakahan.

Ginagamit ng AFP ang Bases Conversion Law para agawin ang produktibong mga sakahan at gawin itong bahagi ng *firing range* ng Camp O'Donell. Noong una'y hanggang 10 ektarya lamang ang sinabing sasaklawin ng ekspansyon ng *firing range* pero sa loob ng isang linggo, umabot sa 20 ektarya ang hinawan ng mga sundalo. Hinarap ng mga residente ang daan-daang sundalo na ipinadala ng Installation Management Battalion noong Abril 12. Nangangamba silang mapalayas kahit sa kanilang mga tirahan.



Dati nang inirereklamo ng mga residente ang sobrang lapit sa kanilang mga sakahan na *firing range*. Sa nakaraan, isang kambing at isang kalabaw ang namatay dahil sa ligaw na bala mula rito.

Panawagan ng mga magsasaka sa lokal na gubyerno ng Capas: itigil ang pangangamkam ng lupa, paninira ng mga pananim, bigyan ng kumpensasyon ang sinirang mga pananim at ari-arian at imbestigahan ang mga paglabag ng mga sundalo sa karapatan ng mga residene.

Sa Negros Oriental, daan-daang residente ng Barangay San Francisico, Sta. Catalina, kasama ang meyor ng bayan, mga katutubong Bukidnon, at progresibong organisasyon, ang nagprotesta noong Abril 12 laban sa kumpanya ng mina sa Sityo Tarug ng naturang barangay.

Giit nilang itigil ng Midan Corporation ang *mining exploration* para sa mga depositong ginto na sumasaklaw sa 1,000 ektaryang lupa sa nabanggit na sityo. Anila, walang pahintulot ang meyor sa mga operasyon nito, at sa aktwal, tutol ang meyor dito na si Mayor Peve Obaniana-Ligan.

Binatikos rin ng mga grupong katutubo ang hindi pagkuha ng kanilang pahintulot sa proyekto. Giit ng Santa Catalina Bukidnon Tribe Association, bahagi ang kagubatan na sasaklawin ng mina sa kanilang lupang ninuno. Dito nabuhay ang kanilang tribu mula sa unang kinilala nilang lider na nagngangalang Tolong. Alinsunod sa batas, dapat ibinigay muna ng mga katutubo ang kanilang Free, Prior, and Informed Consent.

Nagpasa naman ng resolusyon ang mga konseho ng mga barangay na apektado ng mina laban sa mga operasyon nito. AB

## EDCA at "modernisasyon" ng AFP

Ipinangangalandakan ng US at ng rehimeng Marcos II na bahagi ng programang "modernisasyon" ng AFP ang pagtatayo ng US ng mga base militar sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa katatapos lamang na 2+2 Ministerial Dialogue sa pagitan ng mga upisyal sa depensa at ugnayang panlabas ng US at Pilipinas noong Abril 11, ipinagmayabang ng US ang hanggang ₱10 bilyong pondo na ibubuhos nito sa Pilipinas kasabay ng pagbwelo ng pagtatayo nito ng di bababa sa siyam na base militar.

Ang $100 milyon (₱5 bilyon) ay ilalaan para "pabilisin" ang pagkumpuni ng naturang mga lokasyon alinsunod sa mga rekisito at pangangailangan ng US. Ang karagdagang ₱5 bilyon ay nasa anyo ng gawang-US na mga *multirole fighter aircraft* at helikopter na Chinook.

Sa naturang pagpupulong, walang kyimeng kinubabawan ng US ang programang modernisasyon ng AFP sa inanunsyo nitong Security Sector Assistance Roadmap. Gagamitin ang "roadmap" na ito itakda kung anu-anong armas at gamit-militar ang itatambak ng US sa Pilipinas sa susunod na lima hanggang 10 taon.

Nakaayon ang *roadmap* sa paglalatag ng US ng opensibang lambat sa tinaguriang "First Island Chain" para palibutan ang China at pigilan ang paglawak ng impluwensya nito sa rehiyon. Bahagi ng planong ito ang pagtatayo ng mga pasilidad para lagakan ng mga *rocket*, misayl at sistemang artileri na gagamitin sakaling "lusubin" ng China ang Taiwan.

Ang opensibong hakbang na ito ay pagsasangang-dila ng US na kunwa'y nagtataguyod sa One China *principle* kung saan nakapailalim ang Taiwan sa China habang sa likod ay aktibong inuudyukan ang "independensya" ng huli. Sa gayon, hinihila ng US ang Pilipinas sa usapin ng soberanya sa pagitan ng Taiwan at China, taliwas sa patakaran ng Pilipinas at mga bansa sa Southeast Asia ng *non-interference*.

Samantala, mariing tinututulan ng mga residente at lokal na mga upisyal ng Cagayan ang pagbubukas sa dalawang "lokasyong EDCA" sa prubinsya. Noong Abril 17, umabot sa 5,000 residente ang lumahok sa isang "prayer rally for peace" sa Rizal Park sa Tuguegarao City na pinangunahan ng Prayer for Peace Cagayan Movement. AB

# *War games* ng US, perwisyo at mapanganib sa mga Pilipino

Naglunsad ng magkasabay na protesta sa loob at labas ng bansa ang mga pambansa-demokratikong organisasyon sa unang mga araw ng ika-38 US-PH Balikatan Exercises noong Abril 11. Binatikos nila ang paggamit ng US sa Pilipinas para mang-upat ng gera laban sa karibal nitong imperyalistang China.

Sa Metro Manila, nagpiket sa harap ng Camp Aguinaldo, Quezon City sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan noong Abril 11. Nagkaroon ng katulad na protesta sa New York sa araw ding iyon.

Madaling araw naman naglunsad ng raling iglap ang mga myembro ng League of Filipino Students sa harap ng embahada ng US sa lunsod ng Maynila. Dalawang raliyista ang inaresto at sinampahan ng kasong panggugulo. Inaresto rin ng mga pulis ang apat na paralegal na sumaklolo sa kanila pero kagyat ring pinakawalan. Bilang suporta sa mga inaresto, naglunsad ng pagkilos ang iba't ibang grupong ng kabataan sa harap ng Philippine General Hospital at Far Eastern University. Nagkaroon din ng pagkilos ang kabataan sa University of the Philippines-Visayas.

Walang katotohanan ang sinasabi ng rehimeng Marcos, AFP at ng US na ang mga *war game* na ito ay para sa kapakinabangan at makatutulong sa mga Pilipino, ayon sa mga nagpoprotesta. Tulad sa nakaraan, paghahanda sa gera at pagpapakita ng imperyalistang lakas ng US ang layunin ng Balikatan. Paglapastangan ito sa soberanya ng bansa at paglalagay sa peligro sa buhay at kabuhayan ng mga Pilipino.

Sa Nueva Ecija, kinundena ng mga residente sa sunud-sunod na pagpapaputok ng mga kanyon at pambobomba ng mga tropang Amerikano at Pilipino sa Fort Magsaysay. Karamihan sa mga pagpapasabog ay maririnig sa gabi, bandang alas-11, na ikinagugulat at ikinapeperwisyo ng taumbayan, laluna ng natutulog nang mga bata. Bahagi ng pagsasanay ang mga *live-fire exercise* kung saan gumagamit ng totoong bala at bomba ang mga sundalo. Liban sa idinudulot nitong troma sa mga sibilyan, nagdudulot din ito ng dislokasyon ng ligaw na mga hayop sa katabing kagubatan at nag-iiwan ng nakalalasong materyal na nakapipinsala sa kapaligiran.

Iniulat ng Gabriela na maraming magsasaka sa lugar ang umiiwas lumabas sa kanilang mga komunidad sa takot na mahagip sa mga pagsasanay. Apektado ang kanilang kabuhayan dahil dito. Ito rin ang kinahinatnan ng maliliit na mangingisda na pinagbawalang mangisda sa hindi bababa sa limang bayan ng Zambales para bigyan-daan ang Balikatan. Nasa rurok ng panahon ng pangisda ang pagbabawal. Kinundena ng Pamalakaya ang pahayag ng tagapagsalita ng Balikatan na isang "menor na abala" ang pagbabawal kapalit ng "pambansang seguridad." Giit ng Pamalakaya, na dapat ang mga tropa ng US ang umalis sa lugar para maging mapayapa ang mga mangingisdang Pilipino.

Tatagal ng 18-araw na Balikatan. Kalahok dito ng 12,000 tropang Amerikano, 5,400 tropang Pilipino at 111 tropang Australyano. Liban sa *live-fire exercise* sa Fort Magsaysay, magpapataob rin ang mga kalahok ng isang barko sa karagatan ng Zambales na 185 kilometro mula sa Panatag Shoal, ang tradisyunal na pangisdaang bukas pareho sa mga mangingisdang Chinese at Pilipino. Gagamit ang US ng mga armas tulad ng HIMARS (High-Mobility Artillery Rocket System) at mga *rocket* at bombang pakakawalan ng mga eroplanong pandigma ng US at Pilipinas para gawin ito. "Sasanayin" din ng US ang mga sundalong Pilipino sa paggamit ng Patriot missile, Javelin *anti-tank weapon* at iba pang armas na ginagamit ngayon sa gerang *proxy* ng US laban sa Russia sa Ukraine.

Ang Balikatan ay unang isinagawa noong 2002 sa tabing ng "gera kontra-terorismo." AB

**Raling-iglap para sa NDFP.** Nagsagawa ng raling-iglap ang daan-daang myembro ng iba't ibang grupo sa ilalim ng National Democratic Front of the Philippines noong Abril 19 bilang bahagi ng paggunita sa ika-50 taong anibersaryo ng alyansa. Ginanap ang mabilisang programa sa Cubao, Quezon City. Binasa rito ang pahayag ng Partido na nananawagan ng isang linggong pagparangal sa lahat ng mga martir ng rebolusyong Pilipino sa nakaraang higit limang dekada.

**Itigil ang SimReg Law.** Sinabayan ng protesta ng mga mamamahayag at aktibista ang pagsasampa ng petisyon para ipatigil ang implementasyon ng Sim Card Registration Law noong Abril 17. Ayon sa isinumiteng petisyon, nilalabag ng batas ang karapatan sa pribasiya ng mga Pilipino at tinatanggal nito ang rekisito na *search warrant* dahil inoobliga nito ang pagbibigay ng personal na impormasyon ng bawat gumagamit ng SIM. Sa kasalukuyan, halos 60% pa ng mga gumagamit ng selpon ang di nakapagparehistro at nanganganib mapagkaitan ng karapatan sa komunikasyon.

**Protesta sa PUP.** Nagprotesta ang mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines-Manila noong Abril 17 para obligahin ang administrasyon ng unibersidad na resolbahin ang kawalang-kuryente sa Mabini campus nito. Ginamit ng administrasyon ang kawalang-kuryente para isuspinde ang limitadong *face-to-face* na mga klase.



# 2.3%

lamang ang abereyds na binili ng **National Food Authority** (NFA) na lokal na palay mula 2018 hanggang 2022.

Napakababa na nga, hindi pa naabot ng NFA ang target nitong bilhin.

# 87%

ng mga guro ang nagsabing di maka-*concentrate* sa klase ang mga bata dahil sa sobrang init ng panahon sa kasagsagan ng panahong tag-init.



Giit nila, ibalik sa dating iskedyul ang *school year* kung saan may *summer break* mula Abril hanggang Mayo.

***Pinagkunan:*** ACT Teachers Party

# 270 TAON

ang kailangan bago umabot sa **$1 milyon o ₱55 milyon** ang kita ng isang manggagawang Pilipino.



Samantala, **14 taon at 2 buwan** lamang ang kailangan ng isang manggagawang Swiss para kitain ang parehong halaga.

# 54%



ng mga nagpuprotestang nars sa UK ang tumanggi sa alok ng kanilang estado na 5% na pagtaas ng kanilang sahod.

Giit nila ang pagtaas ng sweldo batay sa pagsirit ng tantos ng implasyon na umabot sa 10% noong Marso.

# 6%

lamang sa pamilyang Pilipino ang naabot ng pakitang-taong **Kadiwa store** ni Marcos Jr kung saan ipinagmamayabang na nasa ₱25 ang bentahan ng bigas kada kilo.




# 110

katao, kabilang ang mga bata, ang napatay sa **rehiyong Sagaing sa Myanmar** nang paulanan ng bomba at bala ng hunta militar ang bayan ng Kanbalu noong Abril 11.

***Pinagkunan*:** The Irrawaddy

## BATANG ABRIL



Jorge Madlos
(Ka Oris)

yumaong pambansang tagapagsalita ng BHB. Ipinanganak noong **Abril 22, 1947**.



Gregorio Rosal
(Ka Roger)


yumaong pambansang tagapagsalita ng PKP. Ipinanganak noong **Abril 19, 1947**.

# Krisis sa trabaho: Lumalaking bilang ng trabahong impormal

Taliwas sa pinalalabas ng rehimeng Marcos Jr at mga ekonomista nito, hindi sumisikad ang ekonomya ng Pilipinas matapos ang muli itong buksan noong nakaraang taon. Kasabay ng pagbaba ng tantos ng empleyo ang pagbagsak ng bilang mga manggagawang may pultaym na trabaho. Sa gayon, paparami ang natutulak sa tinatawag na impormal na sektor ng paggawa.

Binubuo ito ng mga *self-employed* (nag-eempleyo sa sarili), mga nagtatrabaho sa maliliit na sakahan o negosyo, mga katulong, at hindi bayad na mga trabaho sa pamilya. Ang mga manggagawa sa sektor na ito ang tumatanggap ng wala o napakababang sahod, walang katiyakan at walang mga benepisyo. Hindi sila saklaw sa mga batas na namamahala sa lakas paggawa at ipinagkakait sa kanila ang karapatan sa asosasyon at pag-unyon.

Wala silang boses sa mga empresa o subsektor na pinagtatrabahuan nila. Wala silang mga proteksyon sa mga lugar ng trabaho at sa gayon ay bulnerable sa di ligtas at di makataong mga kundisyon sa paggawa, pang-aabuso at sobra-sobrang pagsasamantala at pang-aapi. Di kataka-taka na maraming bata at inaaliping manggagawa ang matatagpuan sa sektor na ito. Sa depinisyon ng International Labor Organization, malayo ang mga trabahong ito sa maituturing na pormal o disenteng trabaho.



Noong Enero, tinatayang nasa 20 milyon o 42.2% ng kabuuang bilang ng mga manggagawang Pilipino ang nasa sektor na ito. Lubhang mas malaki ito kumpara sa bilang noong Enero 2020 na 16.8 milyon. Kung isasama sa bilang na ito ang mga manggagawang iregular sa mga pribadong establisimyento, maaaring umabot pa sa 34.5 milyon o 73% ng kabuuang empleyo sa bansa ang impormal. Ibig sabihin, walang disenteng trabaho ang pito sa bawat 10 manggagawang Pilipino.

Pumapasok ang mga manggagawang ito sa impormal na ekonomya hindi dahil sa kagustuhan nila kundi dahil wala silang mapagpipilian kung gusto nilang sumahod o kumita. Ilan sa kanila ang kumikita nang mas malaki kumpara sa mga regular na manggagawa, tulad ng mga prupesyunal at nakapagtapos ng kolehiyo. Gayunpaman, ang malaking mayorya sa kanila ay lubog sa kahirapan, nakatira sa siksikang mga komundad, walang akses sa disenteng serbisyong panlipunan, walang akses sa dagdag na kapital at madalas na target ng pang-aabuso ng mga awtoridad.

Malaking bahagi ng mga trabahong impormal ay lubos na nakadepende sa kliyente, suki o pamilyang nag-eempleyo. Noong Enero, lumiit nang 746,000 ang bilang ng mga *self-employed*. Nabawasan din nang 433,000 ang bilang ng *unpaid family worker* o hindi bayad na mga trabaho sa pamilya. Sa kaso ng huli, madalas na buong nakaasa ang manggagawa sa pamilyang pinagtatrabahuan niya para sa kanyang pagkain at tirahan.

Nagaganap ang paglaki ng impormal na sektor habang lumiliit ang kapasidad ng ekonomya na lumikha ng disente o regular na trabaho. Noong Enero, umabot sa 1.7 milyon ang nawalang trabaho dulot pangunahin ng pagbabawas ng mga empresa at negosyo ng mga manggagawa matapos ang panahon ng Pasko. Kasabay nito, tumaas ang bilang ng mga walang trabaho nang 153,000 at ang mga kulang ng trabaho ng 458,000.

Liban dito, bumaba rin ang bilang ng kalahok sa pwersa ng paggawa mula 51.2 milyon tungong 49.7 milyon (1.5 milyong pagliit). Paliwanag ng Ibon Foundation, sinasalamin ng pagbaba ng bilang ang lumalaking tantos ng mga manggagawang nawalan na ng pag-asang makahanap ng trabaho pero hindi ikinakategorisa na walang trabaho.

Pinakamalaking bilang ng nawalan ng trabaho ang mga nasa sektor ng agrikultura (1.2 milyon), na kinakatangian ng pana-panahong trabaho. Lumiit naman nang 375,000 ang trabaho sa bentahang bultuhan at tingian tungong 10.6 milyon; sa konstruksyon, nabawasan nang 288,000 ang empleyo tungong apat na milyon.

Dagdag dito, pumapatong sa bilang ng mga walang trabaho ang mga gradweyt ng K-12 na hindi tinatanggap bunsod ng kakulangan sa mga rekisitong hinahanap ng mga kumpanya.

Ayon sa Commission on Human Rights (CHR), lumitaw sa kanilang pag-aaral na ilan sa dahilan ay ang kakulangan ng mga bagong gradweyt sa "soft skills" o abilidad sa pakikipag-kapwa-tao, komunikasyon at emosyon. AB